*Silyab*

# ATA 2020: Batas para sa terorismo ng estado

Isang taon na mula nang piliting ipasa ng pangkating Duterte ang Anti-Terror Act of 2020 sa kabila ng matinding pagbatikos dito ng sambayanang Pilipino at internasyunal na komunidad. Nasaksihan ng madla kung paano ito ginamit upang atakehin ang kanilang mga soberanong karapatan at kalayaan sa pagpapahayag, pag-aaklas, pag-oorganisa ng kanilang mga sarili at pagtatanggol ng kanilang buhay at kabuhayan.

Ang ATA 2020 ay sang-ayon sa pandaigdigang kumpas ng imperyalistang US sa mga papet at pasistang estadong ikriminalisa sa tabing ng histeryang kontra-terorismo ang makatwirang paglaban ng mamamayan para sa pambansa at panlipunang paglaya. Karugtong nito ang pagbibigay katwiran sa walang kapantay na karahasan at pang-aatake laban sa sibilyang populasyon at mga rebolusyonaryong kilusan.

**Ano ang tunay na layunin ng ATA 2020?**

Una, may matagalan at espesyal na papel ang ATA 2020 at mga kahalintulad na batas sa pagsasalba ng imperyalistang US sa kanyang hegemonya sa daigdig. Ang mga kilusang pagpapalaya at pag-aaklas ng lahat ng uring inaapi at pinagsasamantalahan sa buong mundo ang pinakamalaking banta sa kanyang mabuway nang paghahari. Sa pamamagitan ng mga atas gaya ng ATA 2020, naisasabatas ang baluktot at maruming paglalako ng US na ang paglaban ng mamamayan ay katumbas ng terorismo. Sa pamamagitan ng pagbura sa pagkakaiba ng mga ordinaryong krimen at ng mga aktong nagaganap sa proseso ng pagsusulong ng isang pampulitikang layunin, tinatangka nitong takutin at ilayo ang mamamayan sa landas ng paglaban. Dulot nito, pinipigilan ang mabilis na paglaganap ng mga kilusang pagpapalaya at armadong rebolusyon ng mga mamamayan sa buong daigdig.

Dahil may bihis ng ligalidad, walang sagkang nabubuhusan ng US ng limpak-limpak na pondo ang mga kontramamamayan at kontrarebolusyonaryong gera sa buong mundo.

Ang histeryang ito ay buong lugod namang sinusuportahan ng lahat ng mga pasista at papet na gubyerno at mga lokal na naghaharing-uri dahil kasabay na napepreserba ang kani-kanilang kapit sa ekonomya at pulitika.

Ikalawa, partikular na layunin ng ATA 2020 na hikayatin ang higit pang maraming dayuhang mamumuhunan at kapitalista. Ang pagpapasa nito kung kailan napakalubha ng pampulitika at pang-ekonomyang krisis ay garantiya ng papet na si Duterte sa kanyang mga among naghaharing-uring kaya niyang kontrolin ang sitwasyong panloob at nananatiling ligtas at mainam ang Pilipinas para huthutan ng supertubo.

Pagtitiyak ito ng rehimen na walang dapat problemahin ang malalaking mamumuhunan pagdating sa paglaban ng mamamayan sa mga patakarang nagpapahirap sa kanila dahil, sa bisa ng ATA, ibayo nang pinatitindi ang pasismo at terorismong bubusal at sisikil sa taumbayan.

**Ano ang epekto ng isang taong pagpapatupad ng ATA 2020 sa Kabikulan?**

Sa loob ng isang taon, hinagupit ang rehiyon ng higit na agresibo at lantarang pang-aatake sa mga kalayaang sibil at soberanong karapatan kapwa ng sibilyang populasyon at ng mamamayang nag-aarmas para sa kanilang kalayaan. Walang piniling target ang teroristang pambabansag at pantutugis – mula sa mga kabataang estudyante at lider-masa hanggang sa mga rebolusyonaryong may lehitimong katayuang pampulitika. Hanggang Hulyo 2021, aabot na sa 22 katao ang sinampahan ng mga kaso sa bisa ng ATA 2020 sa rehiyon.

Samantala habang tumitindi ang tahasang paggamit ng ATA 2020 upang supilin ang lahatang-panig na paglaban ng mamamayan, nagpapatuloy naman ang madugong paghaharing militar. Mula Enero 2020 hanggang unang hati ng 2021, umaabot na sa 67 ang naitalang biktima ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, asasinasyon at masaker ng militar at pulis.

Sa parehas na panahon, naitala rin ang hindi bababa sa 250 paglabag sa karapatang tao na mayroong hindi bababa sa 1,200 biktima. Kabilang sa mga pang-aabusong ito ang istraping at pambubomba ng mga komunidad, hamletting at sapilitang pagpapalayas, tortyur at sapilitang pagwala sa mga sibilyan, iligal na pag-aresto at detensyon, pananakot, panggigipit at panghaharas. Sa serye ng mga brutal na Synchronized Anti-Criminality and Law Enforcement Operations (SACLEO) pa lamang ng magkakumbinang pwersa ng PNP at AFP na isinagawa ngayong taon, naitala na ang hindi bababa sa 18 biktima ng pamamaslang at masaker.

Sa tabing ng gera kontraterorismo, itinulak ng RTF-ELCAC, JTFB at AFP-PNP ang higit na malalaking deployment ng militar at pulis sa buong rehiyon. Mula 2020 hanggang kasalukuyan, hindi bababa sa 17 bayan sa kanayunan ng Bikol ang nasa ilalim ng Retooled Community Support Program (RCSP). Sa 85 baryo sa mga eryang may presensya ng militar ang nakapagtala ng higit sa 226 kaso ng paglabag sa karapatang tao.

**Sino ang tunay na terorista?**

Walang iba kundi ang papet na estado at buong makinarya nito, mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at mga dayuhan at imperyalistang kapangyarihang gaya ng US. Sa loob ng ilang siglo ng kanilang pang-aapi at pagsasamantala, hindi na mabilang na buhay at kabuhayan ang linustay sa ngalan ng kanilang pansariling interes.

Sa Pilipinas at iba pang mga bansa sa daigdig, ang mga mamamayan ay sistematikong dinarahas ng mga teroristang estado. Sa basbas ng mga pasistang gubyerno, daan-daang milyon na ang biktima ng pang-aabusong militar, tortyur, iligal na pag-aresto at detensyon, pagdukot, asasinasyon at masaker.

Pinakamalaki at pinakabrutal sa kanilang lahat ang imperyalistang US. Walang kaparis ang kalupitan at kahayukan sa dugo ng monopolyo kapitalistang kapangyarihang ito. Nangungunang promotor ang US ng walang katapusang mga gerang agresyon na kumitil na

sa ilang daang milyong buhay at sumira sa ilang daang milyong iba pa. Nangunguna rin ito sa pagbubuo, pagsasanay, pagpopondo at pag-aarmas ng mga anti-Komunistang grupong paramilitar, grupong vigilante at mga mapanghating radikal na grupong Islamic. Ang mga inalagaang armadong grupong ito ng US ang siya ring pinagmulan ng Al Qaeda at iba pang teroristang organisasyong nakapaloob at may kaugnayan dito. Higit dito, ang US din ang pangunahing nag-uudyok, nagpupondo at nagtataguyod sa terorismo ng mga pasistang estado.

**Ano ang dapat gawin?**

Sa bawat kaso ng terorismo ng estado, hindi napipigil ang pag-usbong ng iba't ibang tipo ng paglaban ng mamamayan – mula sa mga tradisyunal na pamamaraaan ng kilos-protesta hanggang sa mga likhang sining at panawagan sa social media (gaya ng nag-trending na #PNPTerorista at #Duterterorista). Kasabay nito, ibayong sumigla ang suporta ng internasyunal na komunidad sa panawagan ng sambayanang Pilipinong wakasan na ang pasismo ng estado. Ang anti-pasistang prenteng internasyunal sa kasalukuyan ay sinlakas, at may potensyal na higitan pa, ang antas na inabot nito sa panahon noon ng diktaduryang Marcos. Napakainam ng mga kundisyong ito upang higit na palakasin ang mga pakikibakang masang magpapabagsak sa rehimeng US-Duterte.

Karugtong ng pagpapalakas ng anti-pasistang paglaban at kilusang-talsik kay Duterte ang pagpapataas ng mga kampanyang ito sa antas ng anti-imperyalistang paglaban. Matanggal man sa pagkapangulo, tiyak na pipili lamang ang US ng panibagong papet na siya namang magpapatuloy ng plano nito sa bansa. Walang patlang na ilantad at labanan ang histerya kontra-terorismo at iba pang pakana ng US. Singilin ang US at iba pang makapangyarihang bansang siyang mga tunay na terorista at pinakamasasahol na pasimuno ng kaguluhan, karahasan at kahirapan. Dapat makipagkapitbisig at makipagtulungan ang sambayanang Pilipino sa iba pang mga mamamayan sa buong daigdig na sakmal din ng terorismo ng imperyalistang kaayusan.

Higit sa lahat, ang pinakamahalagang ambag ng lipunang Pilipino sa laban ng lahat ng uring inaapi at pinagsasamantalahan sa buong daigdig ay ang pagsusulong at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan sa bansa. Ubos-kayang magpunyagi sa pagpaparami, pagpapalakas at pagkokonsolida ng rebolusyonaryong kilusan na buong tatag na magtataguyod ng digmang bayan hanggang sa ganap nitong tagumpay. Mahalaga ang aktibong pag-oorganisa at pagrerekluta mula sa malalim na balon ng masang anakpawis, propesyunal at pambansang burgesyang naghahangad ng tunay na pagbabago at kasarinlan.

Sa harap ng lantaran at walang pakundangang atake sa sibilyang populasyon, higit na kinakailangang itambol ang demokratikong rebolusyong bayan bilang tanging masasandigan ng mamamayan. Kailanman, hindi magsisilbi ang anumang batas ng reaksyunaryong estado para sa interes ng inaapi't pinagsasamantalahan. Ang nag-iisang paraan upang tuluyan at lubusang mawakasan ang terorismo ng estado ay ang pagwasak sa kasalukuyang kaayusan at ang pagtatayo ng isang lipunang mayroong sosyoekonomikong pagkakapantay-pantay at tunay na gagalang at magtatanggol sa karapatan, kalayaan at kagalingan ng nakararami.

# TALAAN NG MGA KAGANAPAN HINGGIL SA ATA 2020

**Hunyo 1957**
Pinirmahan ni Carlos P. Garcia ang RA 1700: Anti-Subversion Act of 1957. Nakasaad dito ang iligalisasyon ng PKP 1930, Hukbalahap at iba pang kahalintulad na organisasyong. Sa bisa nito, ipinapataw din ang parusang kamatayan sa mga masasakdal.

**1976**
Pinalitan ni Ferdinand Marcos ang ASA 1957 ng PD 885 na nagpalawig sa listahan ng mga organisasyong saklaw ng ASA. Isinabay lahat ng entidad na binuo upang ibagsak ang gubyerno. Nasundan pa ito ng PD 1835: Codifying The Various Laws on Anti-Subversion and Increasing the Penalties for Membership in Subversive Organization noong 1981.

**1987**
Binuhay ni Corazon Aquino ang ASA 1957 sa pamamagitan ng EO 167.

**1982**
Pinirmahan ni Fidel V. Ramos ang RA 7636 na nagbasura sa EO 167 at nagtanggal sa subersyon bilang krimen samantala nanatiling iligal ang sedisyon.

**1996**
Ipinanukala dating Senador Juan Ponce Enrile ang kauna-unahang Anti-Terrorism Bill.

**Pebrero 19, 2007**
Pinirmahan ng Kongreso ang RA No. 9372: Human Security Act 2007.

**Marso 6, 2007**
Linagdaan ni Gloria Macapagal Arroyo ang HSA 2007.

**Hulyo 15, 2007**
Nagkabisa ang naturang batas.

**Hulyo 2007**
Sa pangunguna ng noo'y Chief Justice Reynato S. Puno, ilinunsad ang National Consultative Summit on Extrajudicial Killings and Forced Disappearances: Searching for Solutions upang talakayin ang nakababahalang paglobo ng bilang ng pamamaslang at karahasan ng estado laluna sa harap ng pagkakapasa ng HSA 2007. Tinangka itong isabotahe ng pasistang rehimeng GMA sa pamamagitan ng paglulunsad ng sarili nitong Mindanao Peace and Security Summit na tumalakay naman kung paano gawing katanggap-tanggap sa publiko ang HSA.

**Oktubre 2007**
Bilang bahagi ng kampanya kontra-ekstrahudisyal na pamamaslang at sapilitang pagkawala, ipinatupad ni CJ Puno ang writ of amparo at writ of habeas data upang bigyan ng ligal na rekurso at proteksyon ang mamamayang tinatarget ng pandarahas ng estado.

**2012**
Ipinasa ang RA No. 10168 - Terrorism Financing Prevention and Suppression Act (TF Law)

**2019**
Ipinanukala ni DILG Secretary Eduardo Ano ang pagbuhay sa ASA 1957 upang pigilan ang patuloy na paglakas ng CPP-NPA-NDFP at iba pang mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa ilalim nito.

**Hulyo 1, 2019**
Ipinanukala ni Sen. Vicente 'Tito' Sotto III ang Senate Bill 6: An Act Amending RA 9372 Otherwise known as the Act to Secure the State and Protect our People from Terrorism (HSA 2007), Appropriating Funds Therefore and for Other Purposes

**Hulyo 18, 2019**
Ipinanukala ni Sen. Imee Marcos ang Senate Bill 630: An Act to Combat Terrorism and Secure the Nation, Amending for this Purpose Certain Provisions of RA No. 9372, Otherwise Known as HSA 2007, and other Laws

**2019**
Ipinanukala ng Committee on National Defense & Security, Committee on Peace, Unification and Reconciliation at Committee on Finance kasama sina Sen. Sotto III, Sen. Lacson, Sen. Marcos, Sen. Lapid, Sen. Revilla Jr. at Sen. Dela Rosa ang SN 1083: An Act to Prevent, Prohibit and Penalize Terrorism, Thereby Repealing RA No. 9372, Otherwise Known as the HSA 2007.

**Hunyo 2020**
Ipinasa sa Kongreso ang HB 6875 na pangunahing ipinanukala nina Rep. Rozzano Rufino Biazon, Rep. Narciso Bravo, Jr., Rep. LRay Villafuerte, Rep. Jericho Nograles at Rep. Boboy Tupas.

**Hulyo 3, 2020**
Pinirmahan ni Duterte ang RA 11479: Anti-Terrorism Act of 2020.

**Hulyo 13, 2020**
Nagkabisa ang ATA 2020.

**Oktubre 2020**
Lumabas ang IRR ng ATA 2020.

**2021**
Umabot sa 37 petisyon mula sa iba't ibang kilalang personalidad, pulitiko, abugado, guro, propesyunal at sibilyang organisasyon ang tumutuligsa at kumukwestyon sa ligalidad ng ATA 2020. Ito ang pinakamaraming bilang ng ligal na petisyon laban sa isang batas sa buong kasaysayan ng Pilipinas. Ang mga petitioner ay pinangungunahan ni dating solicitor general at Integrated Bar of the Philippines national president Jose Anselmo Cadiz.

Makailang ulit na naantala ang pagdinig sa naturang mga petisyon. Isa sa mga dahilan ay ang pagkakaroon umano ng Covid-19 ng tim ni Solicitor General Jose Calida. Nangyari ito matapos ang nauna nang rekwes ni Calida na huwag nang ituloy ang pagdinig.